*MALAY 31 (1) 2018, pp. 1-19*

# Ang Jorno sa Gabi: Karanasan ng mga TV Field Reporter sa Pagkalap ng Balita sa Dilim ng Maynila / *Night Beat TV Field Reporters: Experiences of News Coverage in Manila*

Michael C. Delos Santos
Central Luzon State University, Philippines
kelo_delos_santos@yahoo.com.ph

**Abstrak:** Ang sulating ito'y tumatalakay sa karanasan ng mga TV field reporter na nangangalap ng balita sa dilim ng Maynila. Hangad ng papel na mapagtibay at malaman ang mga dinaranas ng isang TV field reporter batay sa kapaligiran ng kaniyang trabaho - ang dilim ng Maynila. Kinalap ang mga datos sa pamamagitan ng panayam at pagmamasid sa buong siklo ng trabaho ng mga TV field reporter sa buong magdamag. Isinakonteksto ang konsepto ng "loob" upang masuri ang mga salaysay ng sariling danas ng mga piling mamamahayag ng telebisyon. Nabigyang-tuon sa papel ang gamit ng konsepto ng "loob" ni P. Albert E. Alejo (1990). Inilahad ang mga personal na danas ng mga TV field reporter gamit ang mabusising pagtalâkay sa konsepto ng "loob" sa aklat ni P. Alejo. Inilatag sa papel ang mga ito gamit ang mga sumusunod na kaisipan; *abot- málay, abot-damâ*, at *abot-káya.* Ang pagtukoy sa konsepto ng "loob" ng mga TV field reporter ay nagsilbing lundayan sa pagkilála sa loob ng lipunang Filipino.

**Mga Susing Salita:** TV field reporter, konsepto ng loob, sariling danas, balitang pantelebisyon, dilim ng Maynila

***Abstract:*** *This paper investigates the experiences of TV field reporters who are covering news in the streets of Manila at night. In order to generate the needed data of the study, interviews with selected TV field reporters were conducted as well as observation in an actual night coverage of events.The concept of "loob" by P. Albert E. Alejo (1990) was utilized to further understand and give meaning to the personal experiences of the participants in this study. Moreover, the participants' experiences were categorized into abot-málay, abot-damâ, at abot-káya which are important ideas in the concept of "loob". Understanding the concept of "loob" among TV field reporters gave further directions in knowing the concept of "loob" among the Filipino people.*

***Keywords:*** *TV field reporter, concept of loob, personal experiences, TV reports/news, Manila at night*

Copyright © 2018 by De La Salle University

## PANIMULA

Bahagi ng aking pang-araw-araw na búhay ang panonood ng balita sa telebisyon. Nasusubaybayan ko ang mga pambalitaang palabas sa telebisyon mula umaga hangang gabi. Sa ganitong sitwasyon, nabuo sa aking isipan, ang tanong na “ano kayâ ang katangi-tangi sa karanasan ng mga TV field reporter?” Pero mas umigting sa isip ko ang tanong na “ano kayâ ang katangi-tanging karanasan ng mga TV field reporter na nasa night beat sa paghanap ng balita sa dilim ng Maynila?” Sa ganitong estado ng pag-iisip nabuo ang ideya na isulat ko ang sanaysay na ito, bílang bahagi na rin ng kahingian sa isang klase sa aking digri sa Doktor sa Pilosopiya sa Araling Filipino. Malaki ang ginagampanang bahagi ng pamamahayag sa lipunang Pilipino. Maituturing din itong isang institusyong politikal dahil nagsisilbi itong daluyan sa pagpapalitan ng ideya, tagapagpalaganap ng balita tungkol sa mga isyu, mga pagbabago, at pangyayari. Sa mga nakasusubaybay sa historikal na paglente sa kasaysayan ng pamamahayag sa bansa, maaaring magkasundo na sabihing napakahaba na ang pinagdaanang kasaysayan ng pamamahayag sa bansa.

Ayon kay De Jesus, ang kasaysayan ng pamamahayag ay sumasalamin sa kasaysayan ng bansa (*sa akin ang salin* 127). Ayon naman kay Huddleston ang pamamahayag ay pinakakahulugan nang ganito:

> Iyong kaakit-akit na libangang pang-araw-araw na taglay ng katotohanan ng buhay sa kasalukuyan; iyong nakalulugod bagaman sa kalaunan ay nakapapagal din sa pakiramdam na siya’y kasangkot sa mga pangyayari, na ang iba’y tunay na mahalaga sa ating sarili at sa darating na salinlahi. Sinasaklaw ng pamamahayag ang lahat ng uri ng bagay sa pamamagitan ng balita at punang nakararating sa madla; lahat ng nagaganap sa mundo, kung ang mga pangyayari’y nakawiwili sa madla; lahat ng kaisipan, gawa o kilos at mga diwa na pinasisigla ng ganitong pangyayari ay nagiging saligan ng mga mamamahayag. (Cruz 1)

Sa aklat na *Ang Bagong Pamahayagan sa Filipino* nina Matienzo at Matienzo, binigyang-diin ang kahulugan ng pamahayagan bílang:

> Sumasaklaw ang pamahayagan sa tatlong gawaing gaya ng sumusunod: una pagsulat, tulad ng pagsulat ng mga pahayagan, magasin, at iba pa, ikalawa, pagsasalita, na karaniwang nagaganap sa radyo sa pamamagitan ng pagbabalita at pamumuna o pagbibigay ng komentaryo, at ikatlo pampaningin, pagbabalita sa telebisyon, ng mga on-the-spot-telecast na pagbabalita, komentaryo, paanunsyo, at iba pa. (2)

Ang pamamahayag ay binibigyan din ng pakahulugan bílang isang hanapbúhay sa pagbabalita, pagsusulat, pag-eedit, pagkuha ng larawan, o pagbibigay ng balita sa radyo o telebisyon ng isang lupon ng mga tagapagbalita bílang bahagi ng isang negosyo. (Viduya 11). Sa pahayag ni Viduya kaniyang sinabi na:

> Ang pamamahayag din ang salitang akma patungkol sa pag-uulat ng mga kasalukuyang kaganapan sa anyong pasulat partikular sa mga pahayagan. Subalit sa pagsapit ng ika-20 siglo at pagsulpot ng radyo at telebisyon ang salitang pamamahayag ay sumasaklaw na sa pasulat at mga elektronikong pagpapahayag na may kaugnayan sa mga kasalukuyang pangyayari. (*sa akin ang salin* 12)

Sa pagtingin nina Teel at Taylor na inilahad sa aklat ni Viduya na *Basic Journalism Handbook,* ang pagpasok sa propesyon ng pamamahayag ay nangangailangan ng sapat na kahandaan.

> Upang makaagapay sa kompetisyon, ang isang nagsisimulang mamamahayag ay nangangailangan ng sapat na mga pagsasanay sa iba’t ibang uri ng mass media. Ayon sa tingin ng ilan na nasa propesyong ito, kung ang isang baguhang mamamahayag ay walang pormal na pagsasanay at di kumuha ng kursong may kaugnayan dito ay may malaking kawalan sa kaniyang panig dahil sa malaking kompetisyon at limitadong pangangailangan sa larangang ito, lalo’t higit sa mga pang-araw–araw at lingguhang publikasyon ng mga pahayagan. (*sa akin ang salin* 13)

Bagamat sa kabila ng ilang hírap na taglay sa nasabing propesyon marami pa rin ang sumusubok na kumuha at mapabílang sa ganitong uri ng propesyon. Ayon kay Viduya:

> May ilang pagtingin ang mga nasa propesyon kung bakit marami pa ring kabataan ang

> nahihikáyat na kumuha at mapabilang sa ganitong uri ng propesyon na maaaring di nararanasan sa ibang uri ng hanapbuhay. Tinukoy niya ang tatlong dahilan: una, ang kapangyarihang taglay ng pamamahayag o ang malawakang impluwensiya ng midya; ikalawa, ang katanyagan sa paglalagay ng mga byline; at pangatlo, ang kasabikan sa pagkuha ng pinakabagong balita. Ipinakikita lámang na may kakaibang taglay na pang-akit ang nasabing propesyon pagdating sa pagpili ng mga kabataan ng papasuking hanapbuhay. (*sa akin ang salin* 14)

Sa patuloy na pagkilála sa larangan ng pamamahayag, binanggit ni Melinda Q. De Jesus, sa kanyang librong *Whither the Philippines in the 21st Century? The Philippine Press: A in Contrast and Contradictions*, na muling naitatag at nanumbalik ang pamamahayag sa Pilipinas sa larangan ng peryodiko at telebisyon matapos ang 1986 EDSA Revolution. Batay kay De Jesus:

> Nakilála ang pangalan nina Eugenia Apostol bilang tagapagtatag ng Philippine Daily Inquirer (PDI), Raul Locsin na nagtatag ng Business Day na sa kalauna'y naging Business World, at Maximo Soliven Jr. kasama si Betty Go Belmonte na nagtatag naman ng Philippine Star. (*sa akin ang salin* 133)

Samantala sa larangan ng telebisyon, dugtong ni De Jesus, nakilála sa hanay na ito ang ilang personalidad dahil sa muling pagtatatag ng news and public affairs program.

> Muling nanumbalik sa himpapawid ang estasyon ng telebisyon na ABS-CBN sa pangunguna ng pamilyang Lopez, ang GMA–7 na muling naitatag sa bagong pagmamay-ari at pinamamahalaan ni Atty. Felipe Gozon, at ang ABC-5 na pagmamay-ari ni Antonio Cojuangco Jr. May mga estasyon rin na pinatatakbo at pagmamay-ari ng gobyerno gaya ng PTV–4, RPN 9, at IBC 13 na napasakamay at pinamamahalaan ng mga itinalagang opisyal sa gobyerno. (*sa akin ang salin* 133)

Sa mga lokal at komersiyal na estasyon ng telebisyon sa Pilipinas, dalawang malalaking network ang kilalá sa bansa: ang ABS-CBN at GMA 7. Kapuwa may news and current affairs department ang mga nasabing estasyon. Ang dalawang dambuhalang estasyon ay may mga pambalitaang programa sa telebisyon na ipinalalabas sa kasalukuyang panahon. Ayon sa website na *revolvy.com* kabilang sa GMA Newscast ang mga programang 24 Oras, Saksi, Unang Hirit (UH) at GMA News Upadate samantalang ang mga programang bahagi ng ABS-CBN Newscast ay TV Patrol, Bandila, Umagang Kay Ganda (UKG), at News Patrol.

Sa pambalitaang programa ng mga estasyon ng telebisyon malaki ang ginagampanang papel ng mga TV field reporter. Ang mga mamamahayag na nasa labas ng estasyon ng telebisyon ang kumakalap ng mga balita upang may maibatong istorya sa loob ng estudyo na ineere sa mga pambalitaang programa. Responsebilidad ng mga field reporter ang paghagilap ng mga ulat sa itinalagang lugar sa kanila ng pamunuan ng estasyon. Isinasagawa nila ito araw man o gabi, maging lokal o pambansang pangyayari man. Dahil sa ganitong pagkilála sa mga tagakalap ng balita, mahalaga rin na mabatid ng bawat isa ang kahalagahan at ambag ng bawat isang TV field reporter sa bawat balitang ipinalalabas sa telebisyon, kasama na rin ang kanilang mga karanasan sa likod ng pagkalap ng mga istoryang ibabalita.

Bilang pagkilála sa papel ng mga tagakalap ng balita sa labas ng estasyon ng telebisyon nilayon ng papel na (i) maisalaysay ang personal na karanasan ng mga piling TV field reporter na kumakalap ng balita sa dilim ng Maynila; at (ii) mailahad ang konsepto ng "loob" sa isang kontekstuwalisadong karanasan ng mga mamamahayag bilang batayang panloob ng lipunang Pilipino.

**Ang Sariling Danas at Pamamaraan ng Pagkilála ng "Loob"**

Tatlong night beat TV field reporter ang naging bahagi ng sulating ito. Nagsalaysay ng kani-kanilang karanasan ang mga TV reporter na nakaugnay sa inihandang tanong. Itinalaga ang araw ng panayam sa bawat isa at umikot ang usapan sa sariling karanasan sa pagkalap ng balita sa dilim ng Maynila. Nagsagawa rin ng pagmamasid sa sitwasyon ng paligid na ginagalawan ng mga TV reporter habang kumakalap ng balita sa buong magdamâg. Kasabayan ng pagbuo sa papel na ito ang kasagsagan ng mga balitang diumano'y serye ng pagpatay lalo't higit sa kalakhang Maynila.

Sa ganitong hakbang nabuo at nasimulan ang mahahalagang impormasyon at detalye ng karanasan ng bawat isang night beat TV field reporter. Laman ng pagtalâkay sa papel ang pagtukoy sa mga personal na impormayon ng mga night beat TV field reporter tulad ng: 1) edad, 2) tagal ng panahon sa propesyon, 3) tagal sa pagiging night beat reporter, at 4) kursong natapos noong kolehiyo at paaralang pinagtapusan. Tinalakay sa sulatin ang mga karanasan ng TV field reporter sa kontekstuwalisadong paraan gamit ang konsepto ng "loob" ni P. Alejo. Binanggit nga sa isang bahagi ng aklat ni P. Alejo ang ganito: "aniya, lubhang maraming karanasan at pagmumuni-muni ang ipinupuhunan upang makaunawa lamang ng munting bagay. At ito nga ang sinikap nating gawin. Lumalabas na kahit paano, may naranasan tayo sa loob ng loob" (10).

## ANG LOOB AT ANG LIPUNANG FILIPINO

Maraming pahiwatig ang salitang loob. Lalo pa nga't kung nais alamin kung ano ang loob ng niloloob ng tao. Naniniwala tayong ang bawat tao ay nagtataglay ng "loob". Ang iba't ibang bagay sa ating paligid ay nagtataglay rin ng loob. Madalas nagmumula sa karanasan ng isang taong natatampok at napapasok ang kaniyang loob. Dahil sa karanasang ito, mababatid kung ano ang mayroon sa loob. Ano nga ba ang mayroon sa loob? Malaking palaisipan sa tao kung paano matutuklasan ang loob, karagdagan pa sa alalahaning ito ng tao ang pagkawalang mulát sa anumang ideya kung ano ang matutuklasan sa loob. Upang mabuo ang kamálayang ito sa tao, sinikap na iugnay sa sulating ito ang pagsasakonteksto sa paggamit ng salitang "loob" mula sa tatlong iba't ibang panipat. Ang loob bílang sariling danas, ang loob bílang lagay ng katawan, at ang loob sa panahon at lugar. Sa pagbibigay katuturan sa pagsasakonteksto ng usapin ng salitang loob at sa makabuluhang paglalapit nito sa lipunang Filipino mas makabubuting bigyang-diin sa paglalapat ng konseptong ito ang tatlong kaisipan mula sa anggulo ng mga táong nakapaloob sa usapin na nais bigyan diin sa sulating ito.

Isang pagtatantiya na marahil ang sabihing ang karanasan ng isang tao ang mainam na pagmulan ng pag-unawa sa kaniyang loob. Ang malalim na pagkababad sa isang sistema ng pamumuhay ng isang tao ang magiging gabay upang luminaw ang pag-unawa sa kaniyang loob. Mismong ang nagkaroon ng sariling danas ang maaaring magpakilála sa kaniya sa káyang abutin ng kaniyang loob. Ang loob na hinubog ng karanasan na maggigiya sa pag-unawa sa paligid at lipunan. Malaki rin ang ginagampanan ng katawan, ang katawan na sumusukat sa kapasidad ng káyang gawin at abutin ang isang mithiin. Ang katawan ang nakararamdam ng hírap at hangganan. Sa katawan mababatid ang pagdidikta ng limitasyon kung hanggang saan ang káyang gawing kilos. Káya't makabuluhang sabihing ang pangangatawan ng tao ay naka-ugnay sa pagkilála sa kabuoan ng kaniyang loob kung káya pa o hihinto na. Umiikot ang karanasan at kakáyanan sa idinidikta ng panahon at lugar. Ang paggalaw at pakikisangkot ng katawan ay umaaayon sa tinakda ng panahon at lugar. Maaaring mag-iba-iba ang panahon at lugar subalit kasama sa pagbabagong ito ang muling pagbuo ng bagong pananaw na magsisilbing bukal ng iba't ibang karanasan. Ang pagkilála sa loob ng tao ay isang patuloy na pagkilos. Dikta ito ng sariling danas, lagay ng katawan at panahon at lugar. Sa ganitong komposisyon mabubuo at mapag-uugnay-ugnay ang tao batay sa kaniyang loob.

Sa aklat ni P. Albert Alejo na *Tao po! Tuloy! Isang Landas ng Pag-unawa sa Loob ng Tao*, binanggit ni Virgilio G. Enriquez sa kaniyang paunang salita ang ganito: "Maraming daan tungo sa pag-unawa sa kalikasan ng kamálayan, kahulugan ng buhay at pagbabalangkas ng pambansang kultura. Nariyan ang mapagpalayang sining, ang katutubong sikolohiya, ang edukasyong Pilipino, at marami pang iba" (vii). Umaakma ang pahayag na ito ni Enriquez, kahit higit dalawang dekada na ang nakalipas mula nang mabuo ang aklat na *Tao po! Tuloy! Isang Landas ng Pag-unawa sa Loob ng Tao* ni P. Alejo, sapagkat ito'y nagpapakita sa pagpapahalaga ng Pilipino sa larangan ng pagkilála sa kabuoan niyang pagkatao. Dagdag pa rito ni Enriquez:

> Ang konsepto ng "loob" ay namumukod sa kahalagahan at yaman kung isasaalang-alang ang sentralidad nito sa pagbuo ng teorya sa pag-unawa sa sikolohiyang Filipino at kamálayan ng tao: mula sa pakikiramdam hanggang sa pakikipagkapuwa; mula sa pakikipagkapuwa-tao hanggang sa pagpapakatao. (vii)

Sa patuloy na pagbuo sa konsepto ng loob, ipinahayag rin ni Alejo ang ganito:

> Upang mabigyang-punto ang kahulugan ng konsepto ng "loob", ang loob din ay ang palibot na nabubuo ng tunog na natutunugan ng isang kumakatok at hindi nanghihimasok. Ang loob din ay yaong napakikiramdam maging sa katahimikan ng loob na nauunawaan lamang sa sariling pakikipagkapuwa – kalooban ng umuunawa. Ang loob, sa kahuli-hulihan ay ang pananatiling loob sa takbo ng panahon ang paninindigan ng isang bagay na ipagpatuloy ang sarili, tipunin ang mga kasu-kasuan ng kaniyang pag-iral at magpakasarili. (79)

Sa isinagawang komprehensibong pag-aaral ni Alejo sa konsepto ng "loob", tumukoy ito ng tatlong mahahalagang aspekto:

> (1) Abot-málay, kabilang dito ang málay - sarili, málay-kapuwa, málay-daigdig at málay – Maykapal, (2) Abot – Damâ , nakaugnay rito ang pagsasaloob, pakikiramay at malasakit, pagkasangkot sa bagay at pangingilabot sa Diyos, may loob sa Diyos, (3) Abot-káya, tumutukoy ito sa pagbubuo ng loob, ang loob at pangangatawan, pangangatawan ng loob sa panahon: abot-káya bilang "tagal" at abot-káya bilang pakikibaka at pag-asa. Mahalagang tingnan sa kabuoang danas ng isang tao ang pagkilála sa konsepto ng kaniyang "loob". Mula sa kaniyang abot-málay na sumasakop sa pagkilálang pansarili, pagkilála sa paligid at pagkilála sa Diyos. Sa bahagi ng abot-damâ, mahalagang nararamdamân niya ang pakikisangkot ng sarili, ang pagpapakita ng damdamin o simpatya at buong kalooban at ang pakiramdam ng takot sa Diyos. Samantalang masisipat sa abot-káya ang pisikal na kapasidad ng katawan, ang pagdanas ng pagod o pagtagal sa pagod at sa paniniwalang ang lahat ng pagod ng katawan ay may patutunguhan. (80)

Gaya ng hangaring binanggit sa una, upang mabuo ang konsepto ng loob sa pananaliksik, isinakonteksto ito mula sa karanasan ng mga mamamahayag. Sa pamamagitan ng ganitong pagtingin na rin binigyang-pakahulugan ang loob upang maikabit sa konseptong taglay ng loob ng lipunang Pilipino. Sa libro ni Lewin na *Field Theory in Social Science, Selected Theoretical Papers*, kaniyang binigyang-diin ang mga makatotohanang sitwasyon na bunga ng isang pangyayari sapagkat resulta ito ng iba't ibang magkaka- ugnay na bagay.

> Isang malaking hakbang ang pagkilála sa maliliit na pangyayaring ito na bahagi lamang ng kabuoan, ito ang isinasaad niya upang mapagtibay ang kaniyang hinuha hinggil sa kahalagahan ng pangyayari. Bagamat mahírap pa ring sabihing ito'y sapat, dahil ang kaniyang teorya ay nakatuon sa pagiging tiyak. Upang makita ang buong pangyayari gamitin nating halimbawa kung ano-anong elemento ang kakailanganin sa pananagumpay sa larangan ng isports. Masasabing nakadepende ito batay sa sumusunod: (i) iba't ibang kombinasyon ng pagpapalakas ng katawan, (ii) liksi at bilis sa paggalaw, (iii) kakáyanang makagawa ng mabilisang desisyon, at (iv) katiyakang makaisip ng wastong direksiyon at tamang distansiya. Kung magkakaroon ng pagbabago sa isa sa mga nabanggit na komposisyon ay maaaring mabago ang antas ng itinakdang resulta. Isa sa mga mahalagang tuon ng teorya ay may kaugnayan sa paggamit ng napakaraming katotohanan mula sa pag-unlad, personalidad, ugnayang panlipunan, pangkaisipan, at motibasyon. Nakatuon ito sa layuning maunawaan, magabayan o di káya'y mapagkuro ang gawi ng isang indibidwal at ang mga datos na ito ay maaaring magamit upang umakma sa isang partikular na tao ayon sa tiyak na panahon o kapaligiran. Maaaring maiugnay ang teorya bilang bahagi ng kaalamang sikolohiya. Pinapalawig sa teorya ni Lewin ang pagtingin sa iba't ibang anyo ng interaksiyon ng isang tao sa kaniyang kabuoang paligid na ginagalawan o environment. Nilinaw ni Lewin na higit na magagamit ang teorya kung susundin ang itinakdang pormularyo na nakatuon sa kabuoang karanasan ng mga tao. Tumutukoy ang pormularyong ito sa pag-aangkla sa behavior o gawi/karanasan na ginagampanan ng tao sa kaniyang kabuoang paligid na kaniyang ginagalawan o environment. (*sa akin ang salin* 238-241)

Makabuluhang hakbang na kilalánin ang pag-unawa sa kabuoang sitwasyon ng paligid upang makita ang iba't ibang komposisyon na makatutulong sa pag-unawa sa loob ng isang tao. Hinubog man ito ng karanasan, kapaligiran, lagay ng katawan, at panahon

matuwid na maiaakma na ang isang tao ay magkaroon ng sapat na pamantayan upang makilála ang laman ng kaniyang loob batay sa dikta at itinatakbo ng kaniyang búhay.

Samantala sa bahagi ng mga kalahok sa pag-aaral, ang kanilang karanasan ang nagpapakahulugan sa kanilang gawi na maaaring idikta ng kanilang kapaligiran o workplace. Sa mgaTV field reporter na bahagi ng sulatin ang kanilang workplace ay tumutukoy sa madilim na paligid ng Kamaynilaan. Sa lugar at panahon na ito naisasakatuparan ang kanilang trabaho. Sa dilim ng Maynila umaakma ang kanilang katawan. Ang sariling danas sa pagkalap ng balita ang nagbibigay-lalim sa pagtuloy sa karerang pinili sa búhay.

## ANG MGA BALITA MULA SA DILIM PATUNGO SA LIWANAG NG TELEBISYON

### Ang mga Balitang Ibinabalita

Kasagsagan ng insidente ng mga patáyan sa bansa noong isinagawa ang sulating ito. Halos laman ng balita sa pambalitaang programa sa telebisyon ang tungkol sa patáyan o pagpatay ng mga diumano'y pinaghihinalaang gumagamit ng droga. Mainit sa mata ng mamamahayag ang kabi-kabilang balita ng patáyan lalo't higit sa kalakhang Maynila. Noong panahong binubuo ang laman ng pananaliksik na ito, naging kasabayan ng pag-usad nito ang mariing utos ni Pangulong Rodrigo Duterte sa mga kapulisan na wakasan ang kriminalidad na may kaugnayan sa droga. Ito ang panahon na ang mga balita sa telebisyon, radyo, at diyaryo ay kinapapalooban ng mga balitang may kinalaman sa mga serye ng pagpatay na nakakabit sa legal na operasyon ng kapulisan. Dahil ito ang isa sa mainit na balitang natutukan sa buong magdamâg lalo't higit sa kalakhang-Maynila, minabuti ng mananaliksik na pagtibayin ang naturang pahayag káya't isinama sa loob ng papel ang ilang mahahalagang talâ na magsisilbing sandigan ng pagkilála sa uri ng balita na kinakalap ng mga piling mamahayag na gumagawa ng night beat coverage sa kalakhang-Maynila.

Sa panahong ito, makikitang halos laman ng pang-araw-araw na balita ng telebisyon, radyo o pahayagan man, ang sunod-sunod na pagkamatay ng mga diumano'y gumagamit at nagtutulak ng ilegal na droga na nanlaban sa mga lehitimong operasyon ng mga pulis. Ayon nga sa talâ na lumabas sa *GMA News Online* nitong nakalipas na Oktubre 2016, umabot umano sa kabuoang 1,745 ang bílang ng Death Under Investigations (DUI's) ito'y ayon umano sa Philippine National Police o PNP. Ang mga bílang ng pagkamatay na ito ay sumasakop mula sa pagitan ng Hulyo 1 hanggang Setyembre 29, 2016. Isinasaad sa nasabing ulat, batay pa rin sa PNP, ang DUI's ay hindi kaagad-agad puwedeng tawaging extrajudicial killing (EJK) o vigilante/summary killing. Dagdag pa sa ulat, ayon sa PNP ang ibang mga insidente rito ay mga kasong murder at homicide na patuloy na sumasailalim sa imbestigasyon. Samantala, ayon sa isang ulat ni Dharel Placido na lumabas sa *ABS-CBN News* noong Agosto 12, 2016 umaabot na sa halos 1,000 pagkamatay ang naitalâ kaugnay ng maigting na kampanya ng Administrasyong Duterte na wakasan ang droga sa bansa. Naitalâ ng ABS-CBN Research and Investugative Group na nangyari ang mga pagkamatay na ito, diumano, noong Mayo 10 hanggang Agosto 12, 2016. Matatáyang umabot sa libo ang bílang ng pagkamatay na may kaugnayan umano sa ilegal na droga simula ng maupong pangulo si Rodrigo Duterte. Kaugnay ng nasabing ulat, ayon sa mga awtoridad ang mga sanhi ng nasabing pagkamatay ay dulot ng paglaban ng mga suspek sa mga operasyong isinasagawa ng mga pulis nang paigtingin ng gobyerno ang kampanya na wakasan ang droga sa bansa. Dagdag pa sa ulat ng ABS-CBN Research and Investigative Group, patuloy na nababahala ang mga Human Rights Advocate sa patuloy na pagtaas ng bílang ng pagpatay simula nang ideklara ni Pangulong Duterte na sugpuin at wakasan ang droga sa bansa.

Ang mga nasabing ulat ay ilan lámang sa patunay na ang balita ng pagpatay sa bansa ay hindi biro, kaya't ang bawat estasyon o news organization na naglalabas ng balita ay patuloy na nag-uulat ng mga balitang may kaugnayan sa mga nasabing talâ at pangyayari. Kung datos ng Kamaynilaan ang pag-uusapan na nakaugnay sa nasabing pangyayari masasabing malaki rin ang numerong naitalâ sa Kamaynilaan. Sa National Capital Region (NCR), ayon pa rin sa talâ na lumabas sa ulat ng *ABS-CBN News* noong Agosto 2016, umaabot ang bílang ng pagkamatay na may kaugnayan sa droga sa kabuoang bílang na 283. Nakapagtalâ rin ng mga ganitong insidente sa mga karatig rehiyon ng NCR. Sa Rehiyon III (Central Luzon) ay nakapagtalâ ng 176 na pagkamatay at sa Rehiyon IV-A (CALABARZON)

ay umabot umano sa 128 na insidente ng pagpatay. Ito'y tatlo lámang sa maraming rehiyon sa bansa na nakapagtalâ ng pinakamaraming bílang ng nasabing mga insidente. Samantala, sa hiwalay na ulat pa rin na lumabas sa *ABS - CBN News* at nalathala noong Oktubre 13, 2016, ayon sa PNP ay nakapagtalâ ng kabuoang bílang na aabot sa 2,300 pagkamatay ang naiuugnay sa droga simula nang ideklara ni Pangulong Duterte na wakasan ang droga sa bansa at nagsimula ang talâ noong Hulyo, 2016. Bumabâ ang bílang na ito mula sa tinatáyang bílang na umabot sa 3,600 pagpatay at nangyari ang bílang ng pagbabâ matapos maimbestegahan ang araw-araw na pangyayari ng pagpatay. Ayon pa rin sa ulat ng *ABS - CBN News*, sa panayam na ibinigay ni PNP Spokesman Dionardo Carlos, "Hindi lahat ng pagkamatay ay may kaugnayan kontra sa droga". Dagdag pa niya, "umabot sa bílang na 1,566 na pagkamatay ang naitalâ sa mga pinaghihinalaang suspek na may kaugnayan sa paggamit at pagbebenta ng droga lahat ay sakop ng operasyon ng pulis at 722 na bílang ang patuloy na iniimbestigahan at ang iba ay natapos na ang imbestigasyon".

Bukod sa mga naunang talâ ng pagkamatay na diumano'y may kaugnayan sa droga, inilathala naman ng Rappler.com sa kanilang website ang nakalap na datos batay sa nasabing insidente. Isinasaad sa ulat na nalathala noong Disyembre 3, 2016 ang ganito:

> May kabuoang bílang na 5,867 na bílang ng pagkamatay ang naiuugnay kontra sa droga na nagsimula noong Hulyo 1, 2016. Nahati ang mga datos sa dalawa, una, lehitimong operasyon ng pulis na may naitalâng bílang na 2,028 ito'y hanggang Disyembre 3,2016 at pangalawa, biktima ng extra judicial killing o vigilante-style killing na nakapagtalâ ng bílang na 3,841 nitong nakaraang Nobyembre 30, 2016. Ang mga lehitimong operasyon umano ay bahagi ng pinaigting na kampanya ng PNP na "oplan double barrel" at "project tokhang". (*sa akin ang salin*)

Samantala, sa talâ naman ng napatay at sugatan sa panig ng mga alagad ng batas noong Disyembre 3, 2016, umabot na sa 17 ang bílang ng napatay na pulis sa mga isinagawang operasyon. Tatlong miyembro ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang nasawi rin sa operasyon at 47 na pulis at walong miyembro ng AFP ang nasugatan kapuwa sa mga lehitimong operasayon ng mga operatiba.

Maaaring ipagpalagay na ang mga bílang na naitalâ sa itaas kaugnay ng mga usapin ng pagpatay ay isang indikasyong labis na nakababahala sa mga ordinaryong mamamayan, sapagkat ang mga pangyayaring ito'y nagaganap halos araw-araw lalong-lalo na sa pagsapit ng dilim. Isang lathalain ang lumabas sa *Philippine Daily Inquirer* (PDI) na may kaugnayan sa mga talâ na binanggit sa itaas na may pamagat na "In Philippine Drug War, a Family Struggles To Stay Safe" at nalathala noong Oktubre 20, 2016. Sa isang bahagi ng ulat, sinabi ng sumulat na "Please don't go out at night". Mariing pinaalalahanan ang publiko na mag-ingat sa paglabas ng bahay tuwing gabi. Ang nalathalang sulatin ay nakaugnay pa rin sa mga pangyayari ng pagpatay na nagaganap sa bawat lugar sa bansa na palaging nakadugtong sa kampanyang kontra droga lalo't higit sa kalakhang Maynila. Ang paghantong sa punto ng ganitong uri ng balita ay masasabing isang nakababahalang pangyayari para sa lahat at lalo't higit sa kaligtasan ng bawat isang sibilyan.

Mula sa mga nabanggit sa unahan, isang patunay ito marahil na ang mga estasyon ng telebisyon, radyo, o anumang news organization ay hindi nagsasawang mangalap ng balita upang maiparating ang katotohanan sa publiko. Maging ito man ay may kaugnayan sa mga kasalukuyang pangyayari sa paligid o di káyâ'y ang mga kabi-kabílang pagpatay na may kaugnayan sa droga. Ang ganitong pangyayari ay isang pakahulugan lámang na sa panig ng mga field reporter sa telebisyon, radyo, o print man, walang oras na pinipili upang magsagawa ng pagkalap ng balita na ibabato sa estasyon o isusulat sa mga pahayagan. Marahil para sa kanila, kung kapakanan ng publiko ang iisipin at ang pagsisiwalat ng mga kasalukuyang pangyayari sa bansa ang tunay nilang layunin, masasabing hindi sila mangingiming ibalita ito at kalapin maging araw man o gabi ang pangyayari.

**Ang mga Tagapagbalita mula sa Dilim ng Maynila**

Tatlong piling field reporter sa telebisyon ang naging bahagi ng pananaliksik. Nakipag-ugnayan ang mananaliksik sa tatlong night beat reporter sa tulong ng isang kakilálang kaibigan na nasa linya rin ng pamamahayag. Kinontak ang tatlong night beat reporter sa pamamagitan ng telepono at pakikipag-usap sa social media. Nagmula sa dalawang magkaibang estasyon ang tatlong mamahayag. Dalawa sa tatlong mamamahayag ay night beat reporter mula sa GMA 7 at

| Pangalan | Edad | Estasyong Kinabibílangan | Taon bílang mamamahayag | Taon bílang night beat reporter | Kursong Tinapos |
|---|---|---|---|---|---|
| Maviel Gonzales (Mav Gonzales) | 27 | GMA | lima | apat | AB Communication Arts (ADMU) |
| Victoria Camille Tulad (Victoria Tulad) | 28 | GMA | anim | isa | AB Communication Arts (ADMU) |
| Andrew Jonathan Bagaoisan (Anjo Bagaoisan) | 27 | ABS-CBN | pito | apat na buwan | AB Journalism (UP) |

***Talâhanayan Bílang 1***
Personal na Impormasyon

ang isa ay mula sa ABS-CBN. Upang lubos na makilala ang tatlong mamamahayag makikita sa talahanayan sa itaas ang ilang mahahalagang impormasyon sa tatlong night beat reporter.

Kung titingnan ang edad ng tatlong night beat reporter, halos di nagkakalayo-layo ang mga ito. Tanging si Tulad lámang ang 28 at kapuwa 27 sina Gonzales at Bagaoisan. Sa haba ng karanasan sa pagiging bahagi ng estasyon, si Bagaoisan ang pinakamatagal sa kanila subalit dagdag ni Bagaoisan, kasama na rin dito ang kaniyang pagiging field producer ng estasyon.

Samantala, pinakamatagal naman na naging night beat reporter si Gonzales sa tatlong mamamahayag. Sa kaniyang limang taon sa estasyon apat na taon na siyang kumakalap ng balita sa dilim ng Maynila. Isinaad rin ni Gonzales na ang beat niya talaga ay isports, subalit kapag walang coverage ng isports ay naitatalaga siyang night beat reporter.

Sa kursong tinapos sa kolehiyo, kapuwa nagtapos ng AB Communication Arts sa Ateneo De Manila University sina Gonzales at Tulad, Samantalang si Bagaoisan ay nagtapos sa Unibersidad ng Pilipinas ng kursong AB Journalism.

## ANG "LOOB" NG MAMAMAHAYAG SA PAGKALAP NG BALITA SA DILIM NG MAYNILA

Gaya ng isinaad sa itaas, mahalagang maisakonteksto ang pagtalâkay sa loob upang maiakma ito sa katayuan ng mga night beat TV field reporter. Sa ganoong pagtanaw malinaw na maipakikita ang kanilang personal na danas mula sa dikta ng kanilang ginagalawang kapaligiran sa pagtupad sa kanilang trabaho. Ang pagsasakonteksto ng paggamit ng "loob" mula sa mabusising pagpapaliwanag ni P. Alejo ang magiging sandigan upang maipakita ang pag-uugnay ng personal na danas ng mga mamahayag sa kanilang abot- málay, abot-damâ, at abot-káya.

Ang ginawang pagsasakonteksto sa unahang bahagi ng sanaysay na nakaugnay sa sariling danas, lagay ng katawan at panahon at lugar ang pagbubukalan ng pagtalakay sa "loob" ng mga TV field reporter na bahagi ng pag-aaral. Sa kabila nito, ang paglalahad ay nakaangkla pa rin sa isinasad na kaisipan ni P. Alejo.

### Abot – Málay

Inilahad sa bahaging ito ng pagtalâkay ang abot-málay ng mga TV field reporter na nakaugnay sa: (i) uri ng mga balita na nakakalap sa gabi, (ii) ang sistema ng pagbabato ng balita, (iii) ang kanilang sariling kaligtasan sa gabi, at (iv) ang kaibahan ng pangangalap ng balita sa gabi kompara sa araw.

Sa pagtukoy sa nilalaman ng mga balita na nakakalap sa gabi mula sa datos ng mga panayam nangunguna ang pangyayari na nakaugnay sa mga krimen gaya ng pagpatay at iba't ibang police reports. Isinaad nga ni Gonzales:

> Pinakamarami talâga iyong police stories, sunog. Police stories as in mga patay, nakaw, rape, police operations, sunog, baha… Tapos minsan kasi meron din namang mga events na ginagawa ng gabi halimbawa mga salubong like Chinese New Year. Gabi iyon káya syempre kami ang sasalo ng mga iyon.

Sa ganitong paningin rin nakikita ni Bagaiosan ang kaniyang karanasan sa pagkuha ng balita sa dilim ng Maynila.

> So far, patáyan talâga. Mostly shooting incidents. Minsan sunog din. Usually that: fire, crime, killings tapos police operations. Minsan may mga pinapa - cover din na running stories. Iyong mga pang-morning shows like commuter issues, traffic.

Dagdag pa ni Tulad hinggil sa klase ng ulat na kanilang madalas ibalita,

> Kasi mako-compare ko talâga sa noong first time akong panggabi. Before, hindi talâga siya ganoon kadami na patáyan. Although since August lang naman ako dumating ulit, nag-start pa iyong patáyan daw mga June. Doon daw talâga iyong marami. June, July. Ngayon medyo kumonti na nga daw yan. Pero sa standards ko po, marami pa rin talâga. May mga aksidente, sunog. Usually sa umaga, magla-live ka for traffic o káya may bagong policy na ipapatupad on a certain day.

Lumutang sa paglalahad na ito ang málay-kapuwa, sapagkat ipinakita sa karanasan ng mga night beat TV field reporter ang pagkabatid nila sa pangyayari sa kapuwa. Gaya ng konsepto na inilahad sa abot –málay ni Alejo, “hindi lamang sarili ko ang aking naisasaloob. Pati ang aking kapuwa ay “nasa loob ko” (86). Karagdagan pa sa inilahad ni Alejo, “ang mga pangyayari sa buhay natin ay nakapagdudulot sa atin ng isang uring “pagkagising” sa katotohanang bahagi nga ng ating kalooban ang iba” (87).

Samantala, sa paglalahad ng usapin hinggil sa pagbabato ng balita ng mga TV field reporter na bahagi ng kanilang abot-málay, pinagtitibay sa mga personal na danas ng mga mamahayag na kadalasan nilang naibabato ang kanilang mga nakalap na balita sa pang-umagang programa ng estasyon gaya ng *Umagang Kay Ganda (UKG)* sa ABS – CBN at *Unang Hirit (UH)* sa GMA 7. Isinaad ni Bagaoisan na:

> Well, sa amin dahil integrated din naman, we get into DZMM pero may reporters din naman kasi sila káya minsan lang talâga. Kapag kulang sila sa tao, they call on us. Pero ang main talâga namin ay UKG at TV Patrol din.

Batay naman sa karanasan ni Gonzales,

> Sa akin, dahil iba nga iyong oras ng shift ko sa ibang panggabi, nagsisimula na ako ng 8 PM. Abot ko iyong newscast na panggabi. State of the Nation 9 PM, Saksi, 11 PM tapos Unang Hirit na ng 5 AM. Iyong Unang Hirit meron siyang tatlong newscast; 5:45, 6:45 at 7:45. Tapos meron pa siyang opening na 5 AM so parang apat na beses doon lang sa Unang Hirit.

Karagdagan pa sa mga unang nabanggit sinabi rin ni Tulad,

> Sa Unang Hirit kasi manghihingi sila ng opening script around 4:45 AM. Basta before 5, then i-eedit ng editor. Tapos may 6 AM, may 7 AM. Tapos minsan kung talâgang breaking, pwede ka pang umere few minutes before 8 kasi matatapos ang UH ng 8 AM. So nasa 2, 3, 4 times ka eere sa Unang Hirit pa lang iyon.

Mula sa karanasang ito ng mga field reporter nailahad ang konsepto ng málay-sarili ni Alejo, “ang tanging binabanggit lamang dito ay ang aking loob, bílang mulat sa aking katauhan, sa aking pagiging nandito, gumagawa, lumilikha, nakikipag-ugnayan. Narito ako sa loob ko. Hindi masasabing wala ako sa loob ko. Alam ko na nandito ako at may alam sa ginagawa ko” (86).

Pagdating naman sa abot-málay sa kanilang kaligtasan sa pagkalap ng balita sa dilim ng Maynila, naiisip din ng mga field reporter na kailangang isipin at unahin ang kanilang kaligtasan dahil madilim sa paligid at marami ang maaaring mangyari kahit na

sa mga miyembro ng midya. Pahayag nga ni Tulad tungkol dito,

> Minsan napapraning nga ako eh. Noon po walang masyadong ganoong thinking. Pero ngayon kailangan aminin, medyo napapraning din ako. One time nga eto yong patay, tapos may kailangan akong kunin sa crewcab, naglakad ako papunta. As in mag-isa ko lang, kasi nagko-cover iyong crew ko. As in sa isip ko, paano pag may dumaan dito tapos bigla na lang barilin ako. So talâgang nakakatakot din naman for us.

May ganito ring pahayag si Bagaoisan.

> May mga areas din naman na iniiwasan namin lalo na kung madilim at walang pulis. Kung may pulis, eh di sige pero pag umalis na ang mga pulis, aalis na rin kami. Pag nagbaba naman ng gamit, syempre lock din agad ang sasakyan. Pero I haven't felt ano talâga,… scared talâga. Pero sabi ng mga iba kong kasama, parang now medyo kinakabahan sila nang konti kasi nga di ba nagkalat ang patáyan ngayon.

Ayon naman kay Gonzales,

> Actually, hindi naman ako matatakuting tao. Iyong patay, okay lang sa akin na nakakakita. Minsan nga isang beses na police operation, sabi, tapos na then, biglang narinig na lang namin nagbabarilan pa pala sa may tabi namin.

Binibigyang-diin ni Gonzales na dahil may mga kasamang pulis sa mga nagaganap na pagkalap ng balita ay nagiging bahagi na rin sila ng seguridad ng mga miyembro ng midya.

Sa paglalahad dito ni Alejo, ang higit na malawak na abot-tanaw ng pagmamálay sa sarili at sa kapuwa ay ang málay-daigdig. May mga sangkap ito ng panahon o kasaysayan at ng pook na kalawakan. (87) Dagdag pa dito ni Alejo, alam niya kung hanggang saan ang kaniyang kakáyahan subalit higit pa rito, alam niya, may málay siya, na ang daigdig, ang panahon at kasaysayan ay nag-aalok ng mga posibilidad para sa ikagaganap ng kaniyang niloloob.(89)

Ang abot-málay ng bawat reporter hinggil sa personal na danas ng pagkakaiba ng pagkalap ng balita sa araw at gabi ay isang tuwirang karanasan na nagsasabi na may pagkakaiba ang pagkalap ng balita sa araw kompara sa gabi. Ang ilan sa lumabas sa mga personal na danas na ito ay nakaugnay sa mga sumusunod gaya ng: pansariling kalusugan, sa uri ng balita, sa paraan ng pagkalap ng balita at mga kakapanayamin na magpapalalim sa ulat, subalit malinaw na kanilang sinang-ayunan na isang bentahe sa gabi ang maluwag na kalsada sapagkat madaling maisasagawa ang makapag-ikot upang makakalap ng mga balita sa dilim ng Kamaynilaan. Ayon sa personal na danas ni Gonzales,

> Marami. Maraming pagkakaiba. Una, sa health talâga. Sa kalusugan, kasi kung panggabi ka, wala ka talâgang matinong tulog, wala kang matinong kain. Sa pagse-set naman ng story, may mga kaibahan din. Kasi pag panggabi, mahírap humanap ng mga interviewee, mahírap humanap ng contact. Pero ang pro naman namin, mabilis kaming lumipat sa iba't ibang lugar kasi walang traffic. Maluwag ang daan".

Mula naman sa personal na danas ni Tulad kaniyang pinatotohanan na mas mainam ang karanasan kung malalagay sa pang-umaga. Aniya,

> Sa pang-umaga. Kasi (1) normal yong tulog, (2) mas challenging iyong stories. Kasi sa gabi may tendency na naka-template na lang iyong stories: may pinatay, bakit pinatay, ano yong nakuha sa kaniya. Police operation ba to o extra judicial killing. So, may template na talâga. Parang paulit-ulit na siya. Mas maggo-grow ka as journalist pag sa pang-umaga.

Isang paninimbang naman ang idinagdag ni Bagaoisan kaugnay nito.

> Depende. Well, the problem at night is that reactive siya largely kasi not unless you really have time to prepare a story like may inaabangan kang ganito tapos sige i-cover ko iyan bukas. There are stories na di mo siya káyang buuin, as in buong-buo, meaning you get all sides.

Ang mga nabanggit na karanasan ay may pagtatagpo sa isinasaad na konsepto ng málay-daigdig ni Alejo, "ang pagbabalik-loob ay posible sapagkat sa kalooban ang nakaraan ay may iba pang posibilidad. Kayâ nga

ang lawak ng kalooban sa punto ng panahon ay hindi basta maikukulong sa dibdib" (88).

Karugtong pa ng konsepto ni Alejo,

> Ang taong nanghihina ang loob ay kailangang paalalahanan, pukawin ang málay na baka mayroon pang mas malawak na larangan at daigdig ng mga posibilidad. Ito marahil ang nangyayari sa isang kapatid nating "maulap ang loob". Ang liwanag ng isip at kalooban ay nadirimlan; natatakpan ng pag-aalinlangan ang mga inaasam sa buhay. (89)

**Abot-Damâ**

Sa bahaging ito ng pagtalâkay sa abot-damâ, ginamit sa pagsusuri ang mga karanasan ng mga TV field reporter batay sa: (i) paraan o motibasyon sa pagpasok sa trabaho gabi-gabi bílang isang night beat reporter, (ii) mga pansariling nararamdamân para sa mga tao o kaanak ng biktima ng insidenteng kanilang ibinabalita sa telebisyon; at (iii) paglalagay ng sariling katayuan sa táong nagiging laman ng balitang kinakalap.

Mula sa nakuhang detalye na nakabatay sa paraan o motibasyon sa pagpasok bílang isang night beat reporter malinaw na ipinakikita mula sa personal na karanasan ng bawat isa na may kaakibat na hírap ang pag-aakma ng sarili sa oras ng pagpasok sa trabaho. Batay sa pagsusuri ng karanasan, ang kakabit na hírap sa pagpasok sa trabaho ay ang pagkokondisyon ng katawan, sapagkat ramdam nila sa kanilang sarili na panibagong araw na naman ang kanilang susuungin sa loob ng magdamâg. Batay nga sa ibinahaging karanasan ni Gonzales,

> Everyday pag nagigising ako parang ayokong pumasok. Kasi alanganin talâga iyong gising. Kasi na-experience ko na din naman ng mag 10 o'clock eh. Káya kapag papasok ako ng 8 o'clock, andoon iyong feeling na parang ayaw ko pang pumasok kaso wala naman akong magawa. Kasi ako nga lang yong 8 PM na shift káya di talâga ako pwedeng ma-late. Ang hírap talâgang bumangon. Di naman sa tinatamad ka kaso di pa talâga kondisyon yong katawan mo para bumangon. Minsan nga nakaligo na ako pero inaantok pa rin ako.

Sa pagbabahagi naman ng karanasan ni Tulad ganito ang kaniyang banggit:

> Wala Sir. Parang nasanay na lang. Hihinga ka na lang nang malalim. Paggising mo dahil halos wala ka ngang tulog, mahírap i-psych iyong sarili mo na maging excited for work. Ako wala. Eto na naman so I just breath in, breath out tapos ayon na papasok na ako sa work. It's work eh.

Salaysay naman ni Bagaoisan batay sa kaniyang karanasan,

> Well, Dati kasi I'm still adjusting. Pero ngayon kasi I'm already getting used to it, I guess. I start my duty at around 9 PM. On paper, dapat mag-eend sya at 5 AM pero usually we stay sa areas namin until around 8 AM hanggang matapos yong morning show.

Malalim ang pinagmulan ng abot-damâ na karanasan ng mga TV field reporter, sapagkat nakita sa bahaging ito ang paglalapat ng konsepto ng abot-damâ sa pagsasaloob ni Alejo, "malaki ang tukso na maging isang mekanikal na gawain lámang ito lalo na kung nasa harap ng mga kamera at peryodista" (92). Dagdag pa sa konsepto ng pagsasaloob ni Alejo,

> Alalaong baga, ang abot-damâ ay higit na kumakagat sa nibel ng katotohanan, hindi lamang sa makahulugang pagkakaayos ng mga bagay, hindi lamang sa ganitong antas ng abot-damâ, ang sasabihin ko ay "nakakukumbinse" kapani-paniwala, mabisa, tumatalâb. Isang uri ito ng tindi na káyang umabot sa iba, tulad ng darang ng init na isinisigaw ng nag-aalab na baga. (93)

Ayon naman sa pagbabahagi ng abot-damâng karanasan ng mga TV field reporter, may pansarili silang nararamdamân para sa mga kaanak ng biktima na namamatayan sa mga insidente ng balitang kanilang kinakalap sa gabi. Sa mga personal na danas ng mga TV field reporter, nakararamdam sila ng pagsisimpatya sa mga kaanak ng mga biktima ng iba't ibang kadahilanan. Naaantig ang kanilang damdamin kapag may mga umiiyak na kaanak silang nakikita na nagdudulot minsan ng pagkadismaya o minsan ay nakaaapekto sa kanilang katayuang emosyonal. Batay sa ibinigay na damdamin ni Gonzales hinggil dito,

> Kapag tinatanong ako kung ano ang reaksyon ko kapag nakakakita ako ng patay, lagi ko sinasabi na disensitized na ako. Wala na. Hindi na ako natatakot. Hindi na ako nangingimi na tumingin ng patay pero mas apektado ako kapag nakikita ko iyong mga nag-iiyakang pamilya. Pag nakikita ko na nag-iiyakan sila lalo na di naman natin alam kung totoo nga na drug pusher sila o addict o ano man. Kasi di naman kami imbestigador para mapatunayan iyon. Pero bílang kami iyong kumakausap sa kanila, merong mga kamag-anak na pulis ang gumawa niyan, di namin kakampi iyong mga pulis, sa amin sila nagsasabi at lumalapit. Feeling kasi nila wala silang kakampi. Walang makakarinig sa kanila. Kapag ganon iyon yung mas nakaka–stress.

Samantala mula naman sa personal na damdamin ni Bagaoisan hinggil dito,

> Pag nakakita ako ng patay na katawan, di na ako nandidiri or ano man. Dahil sa rush din ng coverage, di mo na mapapansin un. That's only for the dead ha. There's another story pag nakita mo na iyong family o relatives na umiiyak. Mas nakakaawa sya. Medyo iyon lang iyong mahírap dun. You need to do your job or may kailangan kang i-fulfill at i-deliver na requirement but also nakaapekto iyon pag nakita mong umiiyak or nagwawala iyong tao. Syempre, no matter what, kahit anong klaseng tao pa iyong victim, di niya deserve iyong ganun. Iyon yung mas nakakaawa at nakakapanghina din siya minsan.

Dagdag pa rito ang sariling damdamin ni Tulad hinggil sa bagay na ito,

> Talâgang nakakakonsensya po kasi andoon na nga sila, nakita mong umiiyak tapos kailangan mo pang silang interbyuhin. Parang sobrang nakakahiya, na nakakaawa, na nakakabagabag. Ganon yong feelings kapag nakikita mo yong pamilya. Ewan ko lang sa iba ha, pero ako kasi ayokong masanay ako na may nakikita akong patay. Ayaw kong masanay na andiyan lang iyong pamilya. Wala din naman akong magawa eh. Hanggang condolence na lang ako pag nakakausap ko sila. Pero wala eh.

Dalawang konsepto ng abot-damâ ni Alejo ang naging bahagi sa paglalahad ng damdamin ng mga mamahayag, ang konsepto ng pakikiramay, malasakit at pagkasangkot sa bagay. Ayon kay Alejo,

> Ang tindi ng pagsasaloob ng damdamin ay mayroon ding lawak. Káya nga bumabalik tayo sa sinimulan nating salawikain: "Ang sakit ng kalingkingan, damdam ng buong katawan". Maaari kong takdaan ng hangganan ang aking málay upang huwag masaktan sa nagaganap sa iba, subalit kung magiging tapat lamang ako sa aking buhay-kalooban, makaaabot ako sa antas ng pagdanas – o mas tama pa marahil, pakikidanas-sa tinatamasa o pinagdurusahan ng aking kapuwa. Maaari akong makiramay. (93)

Dagdag pa rito sa isang paglalahad hinggil sa pangingilabot sa Diyos, may loob sa Diyos ni Alejo,

> Isa pa ring karanasan sa daigdig ng loob bílang abot-damâ ang manginig at mangilabot, malula sa sabay na lalim at tayog ng kung sinong nasa piling natin; nasa piling, hindi basta nakamasid sa pagtakbo ng panahon at kasaysayan; kasangkot, hindi basta kasabay; at lampas lampas na dakila, hindi basta makapangyarihan. (97)

**Abot-káya**

Sa pagtalâkay sa abot-káya, inilahad sa bahaging ito ng papel ang ilang elemento na magpapaliwanag sa abot-káya ng katawan ng mga TV field reporter, gaya ng (i) ang kondisyon ng kanilang kalusugan batay sa personal na pagsasalaysay, (ii) ang pagdanas ng pagod sa kanilang katawan bílang isang night beat reporter, at (iii) ang ginagawang pambawi ng katawan sa kabila ng mga pagod na nararanasan bílang isang night beat reporter .

Nabatid mula sa karanasan ng mga TV field reporter na ang kanilang abot-káya mula sa paggawa ng trabaho sa pagkalap ng balita sa dilim ng Maynila ay maaaring makapagdulot ng paglalâ ng kanilang karamdamân gaya ng anemia at asthma. Ang ganitong pangyayari sa pisikal na kalusugan ay maaaring maiugnay sa sistema ng trabaho dahil sa kakulangan sa oras ng pagtulog at uri ng mga pagkaing kinakain sa oras ng pagtatrabaho. Mula sa personal na karanasang ibinahagi ni Gonzales kaniyang tinuran na,

> Okay naman ako. Anemic ako pero okay pa rin naman ako. Basta sabi ng doctor pag lumala ung anemia ko, pwede akong mag-request na umalis sa panggabi kasi masama nga para sa akin. Tsaka pansin ko kapag panggabi tapos di ka nakatulog ng maayos, iritable ka. At tsaka ano, mula noong panggabi ako nag-gain ako ng weight.

Mula naman sa pagbabahagi ni Tulad sa kaniyang karanasan ganito ang kaniyang sinabi,

> So far okay naman. May asthma ako. Sana by this time ina-asthma na ako kasi gabi-gabi na akong pagod at puyat. Pero hindi naman. Okay pa naman ako kahit minsan 2 hours lang ang tulog, minsan 3 hours. Pero mas may tendency talâga na mas prone kang magkasakit. Pero ako personally so far, okay pa naman ako ngayon. Káya pa.

Ganito naman ang salaysay ni Bagaoisan hinggil sa kaniyang karanasan,

> Puyat. Largely puyat talâga. Although dati I eat before the duty, tapos buong gabi di na ako kakain. Minsan nakakatulog ka din ng konti. Kulang na kulang talâga sa tulog. Tapos dagdag mo pa yong pressure na you need to get a story.

Sa mga ibinahaging karanasang ito ng mga TV field reporter lumutang ang konsepto ng abot-káya na nakaugnay sa loob at pangangatawan ni Alejo,

> Ang unang isinasaalang-alang sa paggawa ng makatotohanang pasiya o pagbubuo ng loob ay ang pangangatawan. Hindi ko sinasabing "katawan" lamang, kundi pangangatawan. Dagdag pa rito, marahil ang mahalaga ay makitang ang katawan ay pangangatawan. Pangangatawan ng ano? Ng loob. Ang katawan ay loob bílang nandito sa tagpuan ng pook at panahon. Ang katawan ay pangangatawan pagbibigay-laman-at-dugo sa daigdig ng loob. (103)

Sa abot-káya sa karanasan sa pagod at pambawi sa mga naramdamâng hapo ng katawan ibinahagi nila ang karanasan na nagsasabing tanging sapat na tulog, kain at pakikisalamuhang sosyal sa pamilya at mga kaibigan ang ilan sa kanilang matinding pambawi sa pagal na katawan. Sa pagbabahagi ng personal na karanasan ni Gonzales kaniyang sinabi ang ganito,

> Pagkain. As in pagkain talâga. Actually kapag weekend, yong social life ko nasa minimum talâga, Kapag weekend, karaniwan buong araw tulog talâga ako. Nasa bahay lang ako. Tapos kain. Kain talâga. Mas gusto ko na talâga matulog. Iyon na talâga ang best kong pambawi.

Isinalaysay rin ni Bagaoisan ang kaniyang karanasan hinggil dito,

> Big deal ang may support group o friends. Sometimes you go out. Simple stuff lang talâga. Minsan naman tulog. Pero nakakatulog lang naman ako ng Saturday which is my day off. Nagpapahinga at natutulog talâga ako. Mahalaga din na may life ka outside work. You have friends and family whom you can bond with.

Nagbahagi rin ng personal na danas si Tulad sa usaping ito at kaniyang tuwirang sinabi na,

> Tulog lang talâga. Kapag day off ko nakaka-12 hours ako ng tulog. Iyon lang. Gaya kanina, 12 hours na akong tulog.

Nakaugnay pa rin sa konsepto ng abot-káya ang mga natampok na salayasay. Ang pagsasakonteksto ay umaayon sa binanggit ni Alejo,

Ngayon maaaring sabihin na ang daigdig na ito ay isa pa ring komunidad. Sa lihim kong pagbigkas ng "káya ko pa" o "káya ito" (ang tinutukoy natin ay hindi ang basta lakas ng loob na wala namang pagsabwat sa lakas ng tuhod) may nakakubling isang pag-asa sa ibang hindi ako. Ang aking pagsisikap na tumagal ay possible lamang kung nakararanas ako ng isang 'nakakapitan". O marahil, mas tama pang sabihing nakararanas tayo ng "kasama mo kami". (106)

## KONGKLUSYON

Naging pundasyon ng kabuoang papel ang personal na danas ng mga piling TV field reporter na nasa night beat. Lumutang ang kanilang karanasan kasama ng

pagsasakonteksto konsepto ng "loob" na binigyang pagbusisi ni P. Alejo. Ang mga karanasan sa pagkalap ng balita sa dilim ng Maynila ay isang anggulong magbibigay-linaw sa lalim, lawak at laman ng mga personal na danas ng mga mamamahayag sa pagkuha ng balitang ibabato sa loob ng estudyo ng bawat estasyon. Kung káya't batay sa isinagawang pagkalap ng talâ sa sulatin mula sa mga personal na salaysay at pagmamasid sa bawat TV field reporter, ang ilan sa mga punto na binigyang-diin bílang konklusyon sa sulatin ay ang sumusunod:

1. Sa panahon na binuo ang papel na ito, isa sa mga nakababahalang isyu ang dumaraming bílang ng pagpatay sa bansa. Ito ang personal na nasaksihan sa pagbuo ng papel mula sa salaysay ng mga TV field reporter at pagmamasid sa mga uri ng balita na nakakalap sa dilim ng Maynila. Bukod sa mga datos na nakalahad sa sulatin napagtibay ang pangyayaring ito ayon na rin sa karanasan ng mga TV field reporter na kumakalap ng balita na inihahatid sa bayan. Kung ang mga pangyayaring ito ay bahagi ng programa ng gobyerno, baka naman nararapat ding balikan ng gobyerno ang masamang idinudulot nito sa imahen ng bansa at mas mabigyan ng magandang solusyon o programa ang mga inaakusahang sangkot dito.
2. Nangangailangan ng sapat na kasanayan sa pagpasok sa propesyon ng pamamahayag. Bawat gawain ay nangangailangan ng sapat na paghahanda bago tahakin ang gawain. Ito ang naging sandata ng tatlong TV field reporter sa pagtahak nila sa napiling propesyon.
3. Nararapat na magtakda ng mga limitasyon sa oras ang mga estasyon sa pagtatalâga ng oras para sa mga night beat reporter. Para sa isang mamahayag maaaring di-alintana ang hírap sa gawain, subalit nararapat lámang na ito ay tingnan na malawakang konsepto na ang katawan ng tao ay may limitasyon, káya't nararapat lámang na bigyang-pansin ang aspeto ng pagtratrabaho sa itinakdang oras.
4. Nararapat na magsagawa ng programa ang lahat ng estasyon para sa emosyonal at pisikal na kalagayan ng mga field reporter. Malaking tulong sa isang indibidwal na napagagaan ang kaniyang dalahin. Ito ang nararapat na bigyang-tuon ng bawat estasyon pagdating sa emosyonal at pisikal na aspekto ng mga reporter. Kailangang maging regular ang pagkakaroon ng *mental* at *wellness program.*
5. Nakapagdudulot ng malaking impluwensiya sa gawi o karanasan ang workplace. Sa bawat pangyayari na ating nasasaksihan, nakapagdudulot ito ng dating sa ating kalooban. Sa karanasan ng mga TV field reporter, mula sa isang madilim na paligid hanggang sa mga balitang may naganap na krimen, nagkakaroon ito ng malaking puwang sa ating búhay at minsan ay nakaaapekto sa kanilang isipan, damdamin at katawan.
6. Mas maging kritikal pa ang mga manonood sa mga balitang nagaganap sa paligid. Kapakanan ng mga mamamayan ang isinaalang-alang sa paghahatid ng balita. Nararapat na malaman nila nang buo ang tunay na pangyayari. Ito marahil ang kailangang pagsikapan na patuloy na maihatid ng mga *field reporter* na makabuo ng mga istorya alang-alang sa kapakanan ng bayan at hayaang maging mapanuri ang bawat indibidwal sa pagbatid sa mga nagaganap sa paligid.

## SANGGUNIAN


Alejo, Albert E. SJ, *Tao po! Tuloy! Isang Landas ng Pag-unawa sa Loob ng Tao*, Lungsod Quezon: Office of Research and Publications, Ateneo De Manila University, 1990. Print.

Bueza, Michael Rappler.com Phil., "IN NUMBERS: The Philippines' 'war on drugs". Web. 3 Disyembre 2016.

Cruz, Cecilio J., *Pamahayagang Pangkampus sa Bagong Milenyo.* Lungsod ng Maynila: Rex Book Store, 2003. Print.

De Jesus, Melinda, Q., *Whither the Philippines in the 21st Century? The Philippine Press: A in Contrast and Contradictions,* Pasir Panjang, Singapore, Institute of Southeast Asian Studies. Web. 2007.

GMA News Online. "PNP: Deaths 'under investigation' now at 1,745; cases filed at 321." Web. 2 Oktubre 2016.

Lewin, Kurt. *Field Theory in Social Science, Selected Theoretical Papers,* United States of America, Harper & Row, Publishers, Incorporated. 1951. Print.

Matienzo, V. N. at Matienzo, R,C, *Ang Bagong Pamahayagan sa Filipino*. Lungsod ng Mandaluyong: National Bookstore, 2001. Print.

Philippine Daily Inquirer. "NEWSINFO / NATION In Philippine drug war, a family struggles to stay safe". Web. 20 Oktubre 2016.

Placido, Dharel. “Drug-related deaths reach 1,000.” ABS-CBN News, Web. 12 Agosto 2016.

Revolvy.com. “List of programs broadcast by ABS-CBN.” Web. 8 Nobyembre 2016

Revolvy.com. “List of programs broadcast by GMA Network.” Web. 8 Nobyembre 2016

Reuters, ABS-CBN News. “PNP lowers death toll in drugs war to below 2,300.” Web. 13 Oktubre 2016.

Viduya, Felimon V., *Basic Journalism Handbook.* Lungsod ng Maynila: Booklore Publishing Corporation, 2010. Print.

**Mga Panayam:**

Bagaoisan, Andrew Jonathan. Personal na Panayam. 8, Nobyembre, 2016.

Gonzales, Maviel. Personal na Panayam. 25, Nobyembre, 2016.

Tulad, Victoria Camille. Personal na Panayam. 18, Nobyembre, 2016.